Insert your school crest here

Tell Them From Me student survey:

Information for parents and consent form for parents and carers

Sabihin Sa Kanila Mula Sa Akin sarbey sa estudyante:
Impormasyon at form ng pahintulot para sa mga magulang at tagapag-alaga
Sentro para sa Estadistika at Pagtatasa ng Edukasyon

Mahal na mga Magulang at Tagapag-alaga

Sa term na ito, makikibahagi ang inyong paaralan sa sarbey sa estudyante na *Sabihin Sa Kanila Mula Sa Akin (Tell Them From Me)*. Ang sarbey na ito ay magbibigay sa amin ng mahahalagang feedback tungkol sa pagtingin ng aming mga estudyante sa buhay-paaralan, gaano sila kasigasig sa pakikilahok sa paaralan at mga iba't ibang paraan kung paano nakikipag-ugnayan sa kanila ang mga guro. Ang mga paaralan sa Australya at sa buong mundo ay gumagamit ng sarbey na *Tell Them From Me* upang matulungan silang mapabuti. Ang sarbey na ito ay sasagutan sa on-line at pinatatakbo ng isang independiyenteng kompanya ng pananaliksik, **The Learning Bar**, na espesyalista sa mga sarbey na nakatalaga sa paaralan.

Ang mga kawani sa mga paaralan ay **hindi** magagawang tukuyin kung sino ang indibidwal na mga estudyante batay sa kanilang mga sagot. Upang matiyak ang pagiging kumpidensyal, ang mga kalahok na mag-aaral ay tatanggap ng isang natatanging username at password. Kung mas kaunti sa limang estudyante ang sumagot sa tanong, ang mga resulta ay hindi ipalalabas. Ang sarbey ay karaniwang tumatagal ng 30 minuto o mas kaunti upang kumpletuhin at isasagawa ng paaralan sa karaniwang mga oras ng klase. Sa sandaling makumpleto ng mga estudyante ang mga sarbey, ihahanda ang mga ulat at sa kadalasan ay makukuha ng paaralan sa loob ng tatlong araw ng negosyo.

Ang sarbey na ito ay tutulong sa aming paaralan na mas maunawaan kung paano mapapagbuti ang kapakanan at pakikilahok ng mga estudyante. Matutulungan ang paaralan na matukoy kung ano ang gumagana sa pagpapabuti ng mga kalalabasan ng mga estudyante.

Ang paglahok sa mga sarbey ay sadyang hindi sapilitan. Ang iyong anak ay hindi makikibahagi kung hindi mo gusto o hindi gusto ng iyong anak. Kung, sa panahon ng sarbey, ay naiilang ang iyong anak, maaari niyang piliing pahintuin ang sarbey anumang oras. Ang karamihan ng mga tanong sa sarbey ay maaaring laktawan.

Kung **ayaw mong makilahok ang iyong anak** sa sarbey, mangyaring kumpletuhin ang kalakip na form at ibalik sa paaralan ng iyong anak sa delete and insert date of return

Makukuha ang higit pang mga impormasyon tungkol sa sarbey at pananaliksik sa website ng Sentro ng Estadistika at Pagtatasa ng Edukasyon (Centre for Education Statistics and Evaluation): education.nsw.gov.au/ttfm

delete and insert name of principal
Punong-guro
delete and insert name of school

Tell Them From Me Student Feedback Survey non-consent form

Form sa hindi pagbibigay ng pahintulot para sa Sarbey sa Feedback ng Estudyante na *Sabihin Sa Kanila Mula Sa Akin*

Mangyaring kumpletuhin sa Ingles

Kung **ayaw mong** makilahok ang iyong anak sa sarbey ng feedback ng estudyante, mangyaring lagdaan ang form na ito at ibalik sa iyong paaralan sa delete and insert date of return

I DO NOT give consent for my child/children to participate in the ***Tell Them From Me*** **student feedback survey.**

HINDI AKO nagbibigay ng pahintulot na lumahok ang aking anak/mga anak sa **sarbey sa feedback ng estudyante na *Sabihin Mo Sa Kanila Mula Sa Akin.***

Pangalan ng estudyante 1 Name of student 1	Roll class ng estudyante 1 Roll class of student 1
Pangalan ng estudyante 2 Name of student 2	Roll class ng estudyante 2 Roll class of student 2
Pangalan ng estudyante 3 Name of student 3	Roll class ng estudyante 3 Roll class of student 3
Pangalan ng estudyante 4 Name of student 4	Roll class ng estudyante 4 Roll class of student 4

Name of parent/carer .....
Pangalan ng magulang/tagapag-alaga (pakisulat nang naka-print)

Signature of parent/carer .....
Lagda ng magulang/tagapag-alaga

Date .....
Petsa